

TRADE-UP NG APPLIANCE

MGA MADALAS ITANONG

Sino ang Hawai'i Energy?

Ang misyon ng Hawai'i Energy ay bigyang kapangyarihan ang mga pamilya at negosyo sa isla na gumawa ng matalinong mga pagpipilian sa enerhiya upang bawasan ang pagkonsumo ng enerhiya, makatipid ng pera, at ituloy ang isang 100% malinis na enerhiya sa hinaharap. Nagbibigay kami ng edukasyon sa mga benepisyo ng pagtitipid ng enerhiya at nagbibigay ng insentibo sa mga praktikal na desisyon sa pagtitipid ng enerhiya. Dahil ang kuryente ng Hawai'i ang pinakamahal sa bansa, mahalagang magtulungan upang mapababa ang paggamit ng enerhiya at pagdepende sa mga na-import na fossil fuel. Upang matuto nang higit pa tungkol sa amin, bisitahin ang HawaiiEnergy.com.

Ang Hawai'i Energy ba ay bahagi ng Hawaiian Electric Company (HECO)?

Hindi, ang programa ng Hawai'i Energy ay direktang pinamamahalaan ng Hawai'i Public Utilities Commission (PUC), na hiwalay sa HECO.

Sino ang maaaring lumahok sa Appliance Trade-Up Program?

Ang Hawai'i Energy ay nagbibigay ng programang ito sa mga piling komunidad sa buong estado, at ang mga residente sa mga zip code (96817, 96819) na ito na nagbabayad ng electric bill ay maaaring lumahok. Bisitahin ang HawaiiEnergy.com/WEST-HONOLULU upang makita kung saan kasalukuyang iniaalok ang programa. Limitado ang espasyo, kaya pakitayak na mag-aplay sa loob ng panahon ng aplikasyon.

Paano gumagana ang Appliance Trade-Up Program?

Kung mayroon kang lumang appliance para i-trade at naninirahan sa isang kalahok na komunidad, bisitahin ang HawaiiEnergy.com/WEST-HONOLULU sa panahon ng aplikasyon. Maaari kang mag-download ng aplikasyon, pumili ng bagong appliances para bilhin, at isumite ang nakumpletong porma at pambayad sa organizer. Kapag natapos na ang panahon ng aplikasyon, inaayos ng Hawai'i Energy ang order at logistikong pag-deliver. Depende sa kung saang komunidad ka nakatira, ang mga luma at bagong mga appliances ay papalitan sa loob ng bahay o sa isang itinalagang palitan na lugar.

Bakit kailangan nating palitan ang mga lumang (ginagamit na) refrigerator at freezer?

Ang layunin ng programa ay tanggalin at i-recycle ang pinakamaraming lumang kagamitang nag-aaksaya ng enerhiya hangga't maaari. Gumagamit ang lumang refrigerator ng halos doble ang enerhiya sa isang bagong ENERGY STAR® certified na refrigerator, kaya sa pamamagitan ng pag-alis ng luma, makakatipid ka ng enerhiya AT pera!

Gaano katagal bago matanggap ang mga bagong appliances?

Ang mga appliances ay inaasahang darating sa loob ng 6-12 na linggo ng pagtatapos ng panahon ng aplikasyon depende sa lokasyon.

Saan ang palitan ng mga appliances?

Ang mga luma at bagong unit ay papalitan sa loob ng bahay maliban kung mayroong ibang nakatakdang gawin. Mangyaring makipag-ugnayan sa organizer para sa higit pang mga detalye.

Ano ang ENERGY STAR® appliances?



Ang Sertipikasyon ng ENERGY STAR® ay ibinibigay ng pederal na pamahalaan sa mga appliances na idinisenyo upang gumamit ng mas kaunting enerhiya kaysa sa mga karaniwang modelo. Halimbawa, ang pagpapalit lang ng refrigerator na 10 taon o mas matanda ng modelong ENERGY STAR® ay makakatipid sa iyo ng mahigit \$200 bawat taon. Ang mga produktong nakakakuha ng sertipikasyong ito ay nagtatagal din, na binabawasan ang pangangailangan para sa mamahaling pagpapalit sa paglipas ng panahon. Matuto nang higit pa tungkol sa ENERGY STAR®, bisitahin ang: <https://www.energystar.gov/products/appliances/refrigerators>.

Paano pinopondohan ang Hawai'i Energy?

Pinopondohan ang programa ng Hawai'i Energy sa pamamagitan ng mga kontribusyon sa Public Benefits Fund (PBF), na kinokolekta bilang bayad sa mga singil sa kuryente mula sa mga customer ng HECO at pinamamahalaan ng PUC. Ang Hawai'i Energy ay ang tagapangasiwa ng mga pondong ito, na nagbibigay ng mga pagkakataon at solusyon para sa mga tagasuskribi ng electric utility ng Hawai'i na nag-aambag sa PBF, upang makatipid ng pera at enerhiya.

Saan ako maaaring matuto nang higit pa tungkol sa kung paano magtipid ng enerhiya sa bahay?

Para sa higit pang mga tip at mapagkukunan, maaari mong bisitahin ang HawaiiEnergy.com/Tips.